PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DEPARTAMENTO NG EDUKASYON REHIYON III
Matalino St., D. M. Government Center, Maimpis
City of San Fernando (P)

# ATING KAPALIGIRAN ATING INGATAN

## (Self-Learning Kit sa EsP 4)



Kuwento ni:
Alvin L. Lumba

Guhit ni:
Alvin L. Lumba

Layout ni:
Alvin L. Lumba

Lathalain ng

Curriculum and Learning Management Division
Learning Resource Management and Development Section

# ATING KAPALIGIRAN ATING INGATAN

**Published by the**
Department of Education
Region III

**Copyright @ 2018**
By____________

**Copyright Notice:**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

**"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit"**

## PAUNANG SALITA

**Sa mga Mambabasa:**

Ang kapaligiran ay napakahalaga para sa atin. Kaya naman nararapat lang natin itong pangalagaan at ingatan.

Ang kahalagahan ng ating kapaligiran ay nararapat lang na maituro at maipaintindi sa mga batang mag-aaral. Bilang tulong sa mga mag-aaral ang may akda ay ginawa ang Self-Learning Kit na ito. Ang kagamitang ito ay naglalaman ng mga gawaing tungkol sa pagsunod sa mga batas at panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.

Ang may akda ay umaasa na ang Self Learning Kit na ito ay magiging malaking tulong para sa mga mag-aaral.

**LAYUNIN:**

Inaasahan na ang mag-aaral na gagamit ng Self-Learning Kit na ito ay makasusunod sa mga batas/panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita.

**LEARNING COMPETENCY:**

Nakasusunod sa mga batas/panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita. EsP4PPP-IIIe-f-21.

## I. ANO ANG NANGYARI?

Tingnan ang mga lawaran sa ibaba. Lagyan ng tsek ( / ) ang patlang ng mga larawan kung ito ay nagpapakita ng pangangalaga ng kapaligiran at lagyan ng ekis ( x ) kung hindi.



1. ________



2. ________



3. ________



4. ________



5. ________

## II. ANO ANG DAPAT MALAMAN?

**A.** Basahin mo ang Kuwento sa ibaba. Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang kuwento.

### Ang Batang Masunurin na si Martin

Isang araw pauwi ng bahay galing paaralan ang magkamag-aral na sina Martin at Alex. Naghanap sila ng basurahan na mapagtatapunan ng balutan ng kanilang kinain. Wala silang nakita kaya itinapon nalang ni Alex ang kanyang basura sa daan at sinabi niya kay Martin na wala namang ibang tao na nakakita sa kanya. Itinuro ni Martin kay Alex ang isang karatula na may nakasulat na "Bawal Magtapon ng Basura Dito."

Sinabi niya na dapat nilang sundin ang nakasulat sa karatula kahit pa walang nakakakita sa kanila. Sinabi rin niya na maling itapon ang kanilang basura sa hindi tamang tapunan. Napag-isip ni Alex na tama si Martin. Pinulot niya ang kanyang basura at humingi ito ng tawad sa kanyang kamag-aral. Nagpatuloy sila sa paglalakad at nakakita sila ng basurahan na mapagtatapunan ng kanilang basura. Masayang nakauwi ng bahay ang dalawa dahil alam nilang may nagawa silang tama para sa kanilang kapaligiran.



1. Ano ang hinanap nina Martin at Alex?
    a. basurahan
    b. paaralan
    c. tindahan

2. Bakit itinapon na lang ni Alex ang kanyang basura sa daan?
    a. Dahil inutusan siya ni Martin.
    b. Dahil wala silang nakitang basurahan.
    c. Dahil doon ang tamang tapunan ng basura.

3. Ano ang nakasulat sa karatula na itinuro ni Martin kay Alex?
    a. Bawal dumaan dito!
    b. Bawal tumambay dito!
    c. Bawal magtapon ng basura dito!

4. Anong ugali ang ipinakita ni Martin?
    a. magalang
    b. masunurin
    c. matulungin

5. Tungkol saan ang kuwentong "Ang Batang Masunurin na si Martin"?
    a. Pagsasabi ng katotohanan.
    b. Pagpapakita ng paggalang sa kapwa.
    c. Pagsunod sa batas o panuntunan sa pangangalaga ng kapaligiran.

**III. ANO ANG NATUTUHAN?**

Tingnan ang mga larawan ng mga karatula tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran sa ibaba. Paano mo maipakikita ang iyong pagsunod sa mga ito. Isulat ang iyong sagot sa patlang.




1. ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________





2. ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**GAWAIN BILANG 1**


Panuto:


Gumuhit ng linya upang maikonekta ang mga basura sa tamang tapunan ng mga ito.














## GAWAIN BILANG 2

Panuto:


Kulayan ng luntian ang loob ng dahon  ng pangungusap na nagpapakita ng pagsunod sa mga batas at panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran at kulayan ng itim ang loob ng dahon  ng pangungusap na hindi nagpapakita.




1. Pinaghihiwalay ang mga basurang nabubulok at hindi nabubulok.



2. Nagtatapon ng basura sa ilog.



3. Sinisira ang mga halaman sa paligid.



4. Nagsusunog ng mga basurang goma at plastik.





5. Nagtatapon ng basura sa tamang tapunan.

**GAWAIN BILANG 3**

Panuto:

Kulayan ang larawan na nagpapakita ng pagsunod sa batas o panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.




## GAWAIN BILANG 4


Panuto:

Sa loob ng blangkong karatula ay sumulat ng batas o panuntunan na dapat sundin ng mga bata sa larawan upang mapangalagaan ang kapaligiran.



1.





2.



**SUSI SA PAGWAWASTO**

## I. ANO ANG NANGYARI?

1. /   2. X   3. /   4. /   5. X

## II. ANO ANG DAPAT MALAMAN?


1. A   2. B   3. C   4. B   5. C

## III. ANO ANG NATUTUHAN?

1. Hindi ako magtatapon ng basura sa kapaligiran.
   (Iba pang katulad na sagot)

2. Hindi ako magtatapon ng basura sa ilog.
   (Iba pang katulad na sagot)

## GAWAIN BILANG 1




## GAWAIN BILANG 2

1.    2.    3.    4.    5. 

## GAWAIN BILANG 3




## GAWAIN BILANG 4

1. Bawal magsunog ng basura. (Iba pang katulad na sagot)
2. Huwag sirain ang mga halaman. (Iba pang katulad na sagot)

# Talahulugan

balutan - lalagyanan

itinapon - inihagis, ibinato

karatula - anumang bagay na nasusulat at nakadispley

pinulot - kinuha, dinampot

tawad - paumanhin

# Bibliograpiya

## Aklat

Abac, Felamer., et. al. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Pasig City: Vibal Publishing House, Inc.

# PASASALAMAT

Ang may akda ay nais magpaabot ng taos-pusong pasasalamat sa mga taong naging dahilan upang malikha ang Self-Learning Kit na ito.

Unang-una sa Panginoon na gumabay at nagbigay sa akin ng lakas at talino upang matagumpay kong malikha ang Self-Learning Kit na ito.

Sa aking mga magulang na nagbigay ng suporta sa akin.

Sa aking dating Tagamasid Pampurok na si Dr. Edna Severo na naging dahilan upang ako ay magkaroon ng karanasan sa pagsulat ng Self-Learning Kit.

Sa aking kasalukuyang Tagamasid Pampurok na si Dr. Elizer Dimarucut sa suportang kanyang naibigay.

Sa aking punongguro na si Gng. Donata Manansala na tumulong at gumabay sa akin.

Sa aking mga kasamahang guro na nagbahagi ng kanilang mga kaalaman para makumpleto at mapahusay ang aking Self-Learning Kit.

Inaalay ko sa inyong lahat ang aking tagumpay. Maraming salamat po!

Ang May-Akda

**This material was contextualized by the**
**Curriculum and Learning Management Division (CLMD)**
**Learning Resource Management and Development System (LRMDS)**
**Department of Education**
**Region III**

## DIVISION OF PAMPANGA

**LEONARDO D. ZAPANTA, Ed.D., CESO VI**
Schools Division Superintendent

**LEONARDO C. CANLAS, Ph.D., CESE**
Assistant Schools Division Superintendent, Elementary

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent, Secondary

**CELIA R. LACANLALE, Ph.D.**
Chief-Curriculum Implementation Division

**CORNELIUS F. DUCUT**
Education Program Supervisor, LRMDS

**MARIA CARMEN M. EVANGELISTA**
Education Program Supervisor, EsP

**ALVIN L. LUMBA**
Writer/Illustrator/Layout Artist

## REGION III OFFICE

**BEATRIZ G. TORNO, Ph.D, CESO IV**
Director III
Ofiicer-in-Charge
Office of the Regional Director

**BENJAMIN D. PARAGAS, CESO V**
Officer-in-Charge
Office of the Assistant Regional Director

**ELIZABETH M. PERFECTO, Ed. D.**
Chief, Curriculum and Learning Management Division

**MA. EDITHA R. CAPARAS, Ed. D.**
Education Program Supervisor, LRMDS

**WENDELL C. CABRERA**
Education Program Supervisor II, EsP

Ang kapaligiran ay mahalaga para sa ating lahat. Kailangan nating mapanatili ang kagandahan, kaayusan at kalinisan nito.

Bilang isang mag-aaral paano ka makatutulong sa pangangalaga ng ating kapaligiran?

Ang Self-Learning Kit na ito ay naglalaman ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang makasunod sa mga batas o panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.

**May Akda/Gumuhit/Taga-Layout: ALVIN L. LUMBA** Nagtapos sa Bulacan, State University, Malolos, Bulacan sa kursong Bachelor of Elementary Education major in General Education noong 2010. Naging guro sa Holy Child Academy, Apalit, Pampanga mula 2012 hanggang 2013. Sa kasalukuyan ay guro sa Macario Arnedo Elementary School, Capalangan, Apalit, Pampanga. Nakatanggap ng pagkilala sa Dibisyon bilang may akda ng Self-Learning Kit sa Ikalawang Baitang ngayong taong kasalukuyan.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES · DEPARTMENT OF EDUCATION